### 3. Kapag sinubasta ang pinauupahang bahay

**Q. Narinig kong sinubasta ang pinauupahang bahay na tinitirahan ko. Mababawi ko ba ang deposito ko?**

A. Mayroong karapatan sa may katig na pagbabayad and umuupang may kasalungat na kapangyarihan at nakatakdang petsa; sa kasong ito, kapag sinubasta ang pinauupahang bahay o isinailalim sa pampublikong pagbebenta, maaaring makatanggap ang umuupa ng balik-bayad ng deposito mula sa halagang nakuha sa pagsusubasta nang may kaunahan sa mga mas mababang pinagkakautangan.

**◇ Karapatan sa may katig na pagbabayad**

☞ Ang karapatan sa may katig na pagbabayad ay tumutukoy sa karapatan ng umuupa na matanggap ang bayad sa deposito nang may kaunahan sa iba pang mga pinagkakautangan.

☞ May karapatan sa may katig na pagbabayad ang umuupa kung mayroon siyang ① mga kinakailangan para sa kasalungat na kapangyarihan (paghahandog ng bahay at pagpaparehistro bilang residente) at ② nakatakdang petsa sa kasunduan sa pag-upa.

**◇ Nakatakdang petsa**

☞ Ang nakatakdang petsa ay tumutukoy sa isang petsang kinikilala nang legal upang patunayang may umiiral na kasunduan sa pag-upa ng pabahay sa petsa ng pagsulat ng kasulatan.

☞ Maaaring makatanggap ang mayhawak ng isang kasunduan sa pag-upa ng pabahay, tulad ng umuupa at kahalili niya, ng isang nakatakdang petsa sa tanggapan ng Eup/Myeon/Dong o Si/Gun/Gu kung saan matatagpuan ang bahay.

☞ Upang makatanggap ng nakatakdang petsa, ① dapat nakasulat ang personal na impormasyon ng nagpapaupa at ng umuupa, bagay na pinauupahan, panahon ng pag-upa, deposito, atbp., at ② dapat makumpleto ang dokumento ng pirma o selyo ng mga partido sa kasunduan.

☞ Kung nakatanggap ka ng nakatakdang petsa sa resibong hindi nakasaad ang bahay at panahon ng pag-upa ng pabahay, mangyaring tandaang hindi maitatatag ang karapatan sa may katig na pagbabayad.

**◇ Pagkakaroon ng karapatan sa may katig na pagbabayad**

☞ Kung ang isang umuupa ay mayroong nakatakdang petsa sa kasunduan sa pag-upa ng pabahay sa o bago ang araw na inihandog ang bahay at nakumpleto niya ang pagpaparehistro bilang residente, magkakaroon ng bisa ang karapatan sa may katig na pagbabayad simula 0:00 a.m. sa araw matapos ang paghahandog ng bahay at pagpaparehistro bilang residente.

*Mula sa: 100 Q&A para sa Madaling Hanapin at Praktikal na Batas (www.easylaw.go.kr)
*Inihanda ang impormasyong ito batay sa Abril 15, 2023.
*Pagsasalin: Sentro ng mga Dayuhang Residente ng Seoul 02-2229-4907 (Hunyo 19, 2023)
*Pagpapayo at katanungan: Sentro ng mga Dayuhang Residente ng Seoul 02-2229-4900